Vancouver School District
1580 West Broadway
Vancouver, B.C. V6J 5K8

vsb.bc.ca
info@vsb.bc.ca
604-713-5000

Follow Us: @VSB39

# PAGKAUNAWA SA SOGI-INCLUSIVE EDUCATION: GABAY PARA SA MGA PAMILYA

## Ano ang SOGI na Inklusibo sa Edukasyon?

Ang SOGI ay tumutukoy sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan sa kasarian. Bawa't isa sa komunidad ay may sariling orientasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian. Ang SOGI na Inklusibo sa Edukasyon ay sumasaklaw sa malawak na hanay ng mga paksa kabilang ang pagkakakilanlan at pagsasama-sama. Ito ay naaayon sa ating patuloy na pagsisikap na mapatibay ang isang patas na kapaligiran ng pag-aaral, nagpapalakas sa mga inisyatibo ng Distrito sa patas na karapatan, kabilang ang patas na karapatan ng iba't-ibang lahi, patas na karapatan ng mga katutubo, at ang pagsasama-sama ng iba't-ibang kakayahan at pangangailangan sa buong distrito. Layunin natin na mabawasan ang pang-aapi, diskriminasyon, at hindi ito nakasentro sa sekswalidad.

Ang SOGI na Inklusibo sa Edukasyon sa silid-aralan ay isang pamamaraan na nagtataguyod ng ligtas, marespeto at inklusibong kapaligiran para sa lahat ng mga estudyante, anuman ang kanilang orientasyong sekswal o pagkakakilanlan ng kasarian. Ito ay nagtataguyod ng pagkakaiba-iba, empatiya at respeto, nagpapalakas ng isang mapag-tanggap na kapaligiran ng pag-aaral para sa bawat estudyante. Ang mga guro ay nagsisikap na tiyakin na ang lahat ng mga paksa ay itinuturo sa paraan na angkop sa edad ng mga estudyante.

**Paglikha ng Inklusibong Kapaligiran**:

- Respeto sa Pagkakaiba-iba: Itinataguyod ng mga guro ang pag-unawa at paggalang sa iba't-ibang istraktura ng pamilya at pagkakakilanlan ng kasarian, tinitiyak na ang mga oportunidad ay para sa lahat ng estudyante, upang maramdaman nila ang kanilanghalaga at pagsasama-sama.
- **Inklusibong Wika:** Ang mga talakayan at materyales sa silid-aralan ay gumagamit ng inklusibong wika na gumagalang sa mga pagkakakilanlan ng mga estudyante.
- **Nakikita na Suporta**: Ang kapaligiran ng silid-aralan ay maaaring magtampok ng mga materyales, poster, at imahen na sumusuporta sa 2SLGBTQIA+ upang patunayan ang pangako ng paaralan sa pagkakaiba-iba at pagsasama-sama.

**Pagtuto ng Estudyante:**

- Inklusibong Pagsasanay: Ang mga leksiyon ay may kasamang kwento, kasaysayan, kuntribusyon at mga hamon na naranasan ng mga 2SLGHTQIA+. Indibidwal at pamilya upang itaguyod ang kamalayan at hamunin ang mga stereotype.
- Iba't-ibang Literatura: Ang mga guro ay maaaring mag-sama ng mga libro at materyales sa pagbabasa na nagtatampok ng mga karakter at tema ng


*With deep gratitude and respect, we are honoured to be learning and unlearning on the ancestral and unceded lands of the xʷməθkʷəy̓əm (Musqueam), Sḵwxwú7mesh Úxwumixw (Squamish Nation) & səlilwətaɬ (Tsleil-Waututh Nation).*

2SLGBTQIA+ upang ipakita ang pagkakaiba-iba ng mgakaranasan. Mahalaga na makita ng bawa't estudyante ang kanilang sarili na nakasalamin sa resources ng paaralan, at mahalaga rin na maipakita ang pagkakaiba-iba ng ating komunidad.

- **Bukas naTalakayan**: Ang mga guro at mga paaralan ay maaaring magkaroon ng bukas, angkop sa edad at magalang na mga talakayan tungkol saiba-t-ibang oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian, pagawa ng ligtas na espasyo para sa mga estudyante upang maunawaan ang mg paksang ito, at magkaroon ng nakaka-enganyong pag-uusap.

**Magalang na Patakaran at Kagawian:**
• Mga Hakbang Laban sa Pambubuli: Ang mga paaralan at Distrito ay masigasig na tumatalakay ng pambubuli at diskriminasyon laban sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian sa pamamagitan ng klarong patakaran at mga pamamaraang administratibo.
•InklusibongTakdang-Aralin:Ang mga takdang-aralin at gawain ay umiiwas sa pag-stereotype ng mga kasarian at nagbibigay ng mga oportunidad sa mga estudyante upang mapahayag ang kanilang totoo na sarili.

**Suporta sa Pagsasanay ng mga Guro:**
• Propesyonal na Pag-unlad: Ang mga guro ay tumatanggap ng pagsasanay tungkol sa isyusng 2SLGBTQIA+ at inklusibong pagtuturo, stratehiya para mas masuportahan ang mga estudyante.
• Paglikha ng Ligtas na Espasyo: Ang diskarte ng mga guro pagdating sa SOGI ay may kasamang empatiya at pakikiramay,sinisigurado ang magalang at ligtas na espasyo para sa mga estudyante na magtanong at magbahagi ng kanilang karanasan.

**Mga Serbisyo ng Suporta:**
• Ang pagpapayo at mga resources: Ang mga paaralan ay nagbibigay ng serbisyong pagpapayo at access sa mga resources para sa mga estudyante at pamilya na maaring mangailangan ng tulong pagdating sa mga usapin tungkol sa isyus o katanungan tungkolsa SOGI.

**Mga Hakbangin na Pinamumunuan ng mga Estudyante:**
• Mga klubs ng pagkaka-iba: Maraming paaralan na may mga klubs ng pagkakaiba –iba na nagbibigay ng suporta at inklusibong espasyo para sa mga 2SLGBTQIA+ at kaalyadong estudyante.

**Pakikilahok ng mga Magulang at Tagapag-alaga:**
• Pinapanatili ng mga
guro at paaralan ang bukas na komunikasyon sa mga pamilya,
Paggalang sa privacy habang tinutugunan ang mga alalahanin at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa inklusibong gawi.


*With deep gratitude and respect, we are honoured to be learning and unlearning on the ancestral and unceded lands of the xʷməθkʷəy̓əm (Musqueam), Sḵwxwú7mesh Úxwumixw (Squamish Nation) & səlilwətaɬ (Tsleil-Waututh Nation).*